

Mga Impormasyon

Pag-unawa sa Resulta ng Test sa COVID-19



Sa pamamagitan ng pagtatanong kung anong uri ng test ang kukunin ninyo, makakatulong ito sa inyo na maunawaan ang inyong mga resulta at makagawa ng matalinong pasya tungkol sa inyong kalusugan. Mas maaasahan ang ilang test kumpara sa iba, at ang lahat ng test ay posibleng magbigay ng mga false positive (positibo pero hindi talaga) o false negative (negatibo pero hindi talaga) na resulta paminsan-minsan. Minsan, hindi sigurado ang mga resulta, at palagi dapat ipatingin sa isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ang mga resulta. **Kung sinabihan kayong mag-quarantine sa loob ng 14 na araw dahil naging close contact kayo ng isang taong napag-alamang may COVID-19, kailangan ninyong kumpletuhin ang inyong quarantine, kahit na negatibo kayo sa test.**

Ang MOLECULAR TESTING ang pinakamaasahang uri ng test para sa kasalukuyang impeksyon; dine-detect ang genetic material ng virus; kilala rin bilang PCR testing

	Ang Ibig Sabihin Nito	Ang Dapat Ninyong Gawin
Positibo	Malamang na MAYROON kayong aktibong COVID-19 na impeksyon at posible kayong makahawa.	Manatili sa bahay at malayo sa iba sa loob ng hindi bababa sa 10 araw at sundin ang Mga Tagubilin ng ACPHD sa Isolation .
Negatibo	Malamang na WALA kayong aktibong COVID-19 na impeksyon.	Kung mayroon kayong mga sintomas, ipagpatuloy ang pagsubaybay sa sarili, manatili sa bahay at malayo sa iba at humingi ng medikal na payo para malaman kung kailangan ba ninyong magpa-test ulit.
		Kung wala kayong sintomas, magpa-test lang ulit kung sasabihan kayo ng inyong tagabigay ng medikal na serbisyo na gawin ito.

Tine-test ng ANTIGEN ang kasalukuyang impeksyon; dine-detect ang mga protein ng virus

	Ang Ibig Sabihin Nito	Ang Dapat Ninyong Gawin
Positibo	Kung mayroon kayong mga sintomas, malamang na MAYROON kayong aktibong COVID-19 na impeksyon at posible kayong makahawa.	Manatili sa bahay at malayo sa iba sa loob ng hindi bababa sa 10 araw at sundin ang Mga Tagubilin ng ACPHD sa Isolation .
	Kung wala kayong sintomas, malamang pa rin na MAYROON kayong aktibong COVID-19 na impeksyon at posible kayong makahawa.	Manatili sa bahay at malayo sa iba sa loob ng hindi bababa sa 10 araw at sundin ang Mga Tagubilin ng ACPHD sa Isolation . Ipagpatuloy ang pagsubaybay sa mga sintomas at humingi ng medikal na tulong kung magkakasakit kayo.
Negatibo	Kung mayroon kayong mga sintomas, POSIBLE PA RING MAYROON kayong aktibong COVID-19 na impeksyon at posible kayong makahawa.	Manatili sa bahay at malayo sa iba sa loob ng hindi bababa sa 10 araw at sundin ang Mga Tagubilin ng ACPHD sa Isolation . Humingi ng medikal na payo kung dapat ba kayong magpa-test ulit gamit ang PCR test.
	Kung wala kayong sintomas, walang naibibigay na kapaki-pakinabang na impormasyon ang isang negatibong antigen test at POSIBLE PA RING MAYROON kayong aktibong COVID-19 na impeksyon.	Kung close contact kayo ng isang taong nagpositibo sa COVID-19, manatili sa bahay at sundin ang Gabay ng ACPHD sa pag-quarantine . Humingi ng medikal na payo kung kailangan ba kayong magpa-test ulit gamit ang PCR test at kung gaano kayo katagal dapat manatili sa bahay. Kung hindi kayo close contact, posible pa ring may COVID-19 kayo. Humingi ng medikal na payo kung dapat ba kayong magpa-test ulit gamit ang PCR test. Protektahan ang inyong sarili at ang iba.

Tine-test ng ANTIBODY TESTING kung nagkaroon na ng impeksyon sa virus dati; kilala rin bilang serologic testing

	Ang Ibig Sabihin Nito	Ang Dapat Ninyong Gawin
Positibo	Malamang na NAGKAROON kayo ng COVID-19 dati at nakapag-develop kayo ng mga antibody.	Posibleng protektado kayo sa muling pagkakasakit (may immunity), pero hindi ito sigurado. Nagsasagawa ng mga pag-aaral ang mga siyentista para lalo pang maunawaan ito. Protektahan ang inyong sarili at ang iba.
Negatibo	Malamang na HINDI KAYO KAILANMAN NAGKAROON ng COVID-19 (o hindi pa kayo nakapag-develop ng mga antibody).	Puwede pa rin kayong magkaroon ng COVID-19, o puwedeng may COVID-19 kayo at hindi pa nakapag-develop ng mga antibody ang inyong katawan. Protektahan ang inyong sarili at ang iba.



Alameda County
Health Care Services Agency



Alameda County Public Health Department
Celebrating Healthy People in Healthy Communities

Colleen Chawla – Agency Director
Kimi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Interim Health Officer

Contact

Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line

COVID-19 Information:
(510) 268-2101

www.acphd.org

Ver: 9/11/2020